

## One Point Advice: Paghahanda para sa Lindol Tokai

# ALAM N'YO BA KUNG ANO ANG "TRIAGE"

東海地震に備えて（ワンポイント/アドバイス）～トリアージを知っていますか?～

Ang kalamidad lalo na kung grabe ang dating ay marami ang mga maaaring maging biktima tulad ng masawi o masugatan. Sa ganoong pagkakataon, hangga't maaari ay kailangan marami tayong matulungan. Subali't sa dami ng mga maaaring maging biktima, maaari rin tayong mataranta kung sino ang mga dapat unahing gamutin at sino ang mga dapat unahing isugod sa first-aid clinic o KYUUGO BYOUIN (designated na pagamutan ng siyudad sa oras ng mga kalamidad).

Sa ganoong situwasyon, maaaring ibatay ang lahat sa pamamagitan ng TRIAGE. Ito ay sistema ng pagbubukod-bukod o sorting ng mga sugatang pasyente ayon sa medical treatment na kailangan nito sa panahong imposibleng magamot ng sabayan ang mga pasyente.

Ang triage ay nahahati sa apat na kulay ayon sa paghatol natin sa kalagayan ng biktima o sugatang pasyente. May apat na kulay ang tag na ididikit ng mga in-charge sa sugatan)

### Pagbubukod o paggugrupo sa sugatan:

- **Pulang tag-** Grupo ng mga dapat unahing gamutin (JUUSHOU GUN) <immediate o priority 1 group> Mga pasyenteng nasa critical condition o agaw buhay.
- **Dilaw na tag-** Grupo ng mga biktimang maaaring maghintay sa pagpapagamot (CHUUTOUSHOU GUN) <delayed o priority 2 group> Stable and situwasyon pero kailangan ang medical assistance. Hindi delikado ang buhay kahit di magamot sa loob ng 2-3 oras.
- **Berde na tag-** Grupo ng mga hindi grabe ang kondisyon (KEISHO GUN) <minor o priority 3 group> Mababaw lamang ang sugat. Halos di kailangan ang advance medical care sa loob ng maraming oras. Pwede silang makalakad. Maaaring bandages at antiseptic lamang ang kailangan.
- **Itim na tag-** Grupo ng mga wala ng buhay (SHIBOU GUN) <deceased group> Mga biktimang wala ng buhay o wala ng pag-asang mabuhay.

### Paraan sa paghatol sa triage:

Batay sa kalagayan ng biktima, may 4 na kulay na tag ang dapat na idikit sa mga biktima. Ang mahahatulang pula o dilaw ang tag ay ang mga dapat isugod kaagad sa pagamutan. Ang triage ay di lamang isang beses isinasagawa. May pagkakataong maging grabe pa ang biktima o pwede ring mapabuti ang kalagayan. Depende rin ito sa kondisyon ng availability ng emergency first-aid clinic.

---